



PAUNAWA SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPALABAS: Enero 22, 2021
MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Ralph Borrmann, 415.760.0285

Mga tauhan ng Air District, hihingin ang feedback ng publiko kaugnay ng mga pagsisikap para mabawasan ang mga emisyon ng particulate mula sa mga fluidized catalytic cracking unit ng mga refinery sa virtual na workshop.

SAN FRANCISCO – Magdaraos ang Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ng virtual na workshop sa Pebrero 4, 2021, mula 6 – 8 p.m., na nakatuon sa paggawa ng mga draft na susog sa Regulasyon 6 Panuntunan 5: Mga Emisyon ng Particulate mula sa Mga Fluidized Catalytic Cracking Unit ng Mga Refinery, para lalong mabawasan ang mga emisyon ng particulate matter mula sa mga refinery ng petrolyo.

Sa workshop, magkakaroon ang publiko, mga tagapagsulong ng komunidad, lokal na pamahalaan, at mga industriya ng pagkakataong matuto tungkol sa draft na panuntunan, magtanong sa mga tauhan ng Air District, at magbahagi ng feedback at mga ideya para makatulong sa proseso ng paggawa sa pinal na panuntunan.

Iskedyul ng Workshop

Huwebes, Pebrero 4, 2021
6 – 8 p.m.

Para sumali sa pamamagitan ng web browser: <https://us02web.zoom.us/j/85296925189>

Para sumali sa pamamagitan ng telepono: +1 669 900 6833

Meeting ID: 852 9692 5189

- Para sa pag-interpret ng wika, makipag-ugnayan kay Aneesh Rana sa arana@baaqmd.gov, o sa 415-749-4914 hindi bababa sa 72 oras bago ang workshop.
- Para información en español, llame al 415-749-4609
- 中文聯絡電話 415-749-4609
- Nói Tiếng Việt xin gọi 415-749-4609.

Impormasyon at Mga Komento

Makakakuha ng mga materyales para sa workshop sa: <https://www.baaqmd.gov/reg6rule5>

Iniiimbitahan ang mga interesadong panig na magsumite ng mga nakasulat na komento tungkol sa mga draft na susog sa panuntunan at Ulat sa Workshop. Tatanggap ng mga komento sa mga dokumento sa panahon ng workshop, o puwedeng magsumite ng mga ito sa pamamagitan ng

pagsulat sa Air District. Ang deadline ng pagsusumite ng mga komento tungkol sa mga materyales na ito ay Biyernes, Pebrero 12, 2021, nang 5 p.m.

Para sa mga tanong o para magsumite ng mga komento tungkol sa mga draft na pampangasiwaang susog, makipag-ugnayan kay David Joe, ang Assistant Manager ng Seksyong Paggawa ng Panuntunan sa djoe@baaqmd.gov.

Pagkatapos ng workshop at panahon ng pampublikong komento, tatasahin ng mga tauhan ang pangangailangan ng mga pagbabago sa mga draft na susog sa panuntunan. Puwedeng humingi ang mga tauhan ng higit pang input, o puwede silang magpatuloy sa isang pampublikong pagdinig sa Lupon ng Mga Direktor ng Air District para isaalang-alang ang mungkahi ng mga tauhan.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

#

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)